

Leaflet ng impormasyon para sa kalahok

Prevalence of COVID-19 Antibodies in Irish Healthcare Workers (Pagkakaroon ng Mga COVID-19 Antibody sa Mga Irish Healthcare Worker) (PRECISE Study)

Pinasasali namin kayo sa mahalagang pag-aaral na ito na tumitingin sa rate ng impeksiyon ng COVID sa mga Healthcare worker. Ang pag-aaral na ito ay isang pambansang pag-aaral na inadbokasya para sa National Public Health Emergency Team (NPHE), Department of Health, at kinaordina ng Health Service Executive (HSE) bilang bahagi ng pambansang tugon sa COVID-19 pandemic. Napili ang St. James' Hospital at ang Galway University Hospital bilang mga site ng pag-test. Boluntaryo ang partisipasyon sa pag-aaral, nangangahulugan na kailangan mo lang sumali kung gusto mo. Ang leaflet na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pag-aaral.

Ano ang COVID-19 (coronavirus)?

Ang impeksiyong COVID-19 na dulot ng SARS-CoV2 virus ay bagong pandemic na impeksiyong maaaring makaapekto sa mga baga at pangkalahatang kalusugan at nagdudulot ng sakit sa Ireland at mabilis na kumakalat sa buong mundo. Dulot ito ng virus na tinatawag na coronavirus. Karamihan ng mga taong nagkakasakit ay may banayad na sakit lamang. Subalit, maaari itong magdulot ng mas malalang sakit at kamatayan, partikular sa mga taong mas matanda o may ibang mga sakit.

Ano ang pag-aaral at bakit ito ginagawa?

Ang SARS-CoV2 ay isang bagong virus at maraming bagay ang hindi natin alam tungkol dito. Hanggang ngayon, nagtest tayo ng mga tao sa Ireland na may sakit at binibilang ang mga kaso ng impeksiyon. Ang mga resulta ng kamakailang pag-aaral na SCOPI (Study to Investigate COVID-19 Infection in People Living in Ireland o Pag-aaral para Imbestigahan ang COVID-19 na Impeksiyon sa Mga Taong Naninirahan sa Ireland) ay nagpakita ng mga coronavirus antibody sa populasyon ng Dublin na tinatayang nasa 3.1% at kasama sa populasyon ng Sligo na tinatayang nasa 0.6%. Ang pag-aaral namin ay partikular na nakatuon sa mga healthcare worker; gusto naming malaman kung gaano kalawak kumalatt ang COVID-19 sa mga healthcare worker na nakatira sa Ireland. Kapag ang tao ay nahawa ng bagong virus, ang katawan nila ay nagkakaroon ng tugon – tinatawag na mga antibody - sa virus. Ang mga antibody na ito ay maaaring matukoy sa dugo; karaniwang isa o dalawang linggo matapos magsimula ang sakit. Sa pagsasagawa ng pagsusuri sa dugo para sa mga antibody na ito, posibleng masabi, sa karamihan ng mga kaso, kung ang tao ay nahawa sa anumang yugto ng virus na nagdudulot ng impeksiyong COVID-19. Tutulong ang pag-aaral sa pagpasya kung paano kokontrolin ang pagkalat ng impeksiyon, paano mauunawaan ang mga peligro ng pagkakaroon ng impeksiyon alinman sa trabaho o sa labas ng trabaho at kung paano gagawing mas ligtas na kapaligiran sa pagtatrabaho ang ospital. Maaaring maging mahalaga din ito para maabisuhan tayo kung paano susuriin ang pagtugon sa bakuna kapag nagkaroon na ng bakuna para sa COVID-19.

Sino ang gumagawa ng pag-aaral na ito?

Ang pag-aaral na ito ay kinookordina ng HSE, at isinasagawa ng St. James' Hospital at Galway University Hospital. Ikookordina ang pag-aaral ng pangkat ng pananaliksik mula sa lahat ng tatlong sentro.

Paano ito gagawin?

Lahat ng mga miyembro ng kawani na nagtatrabaho sa St. James' Hospital, Dublin, at Galway University Hospital, Galway ay iniimbitahang lumahok sa pag-aaral. Ang mga kalahok ay iniimbitahan mula sa lahat ng departamento sa mga ospital. Ang mga taong kasali sa pag-aaral ay pasasagutin ng maikling online na palatanungan at para magbigay ng sample ng dugo sa kanilang ospital. Ang partisipasyon sa pag-aaral na ito ay boluntaryo at kung gusto mong sumali, ipatutukoy namin sa iyo ang pahintulot mo.

Ang plano namin ay ulitin ang parehong pag-aaral makalipas ang 6 na buwan para makita kung ang dami ng mga healthcare worker na may mga antibody ay malaki ang pinagbago. Kung nagtatrabaho ka pa rin sa ospital, aanyayahan ka muling lumahok, sa parehong proseso. Sa yugtong iyon, hihingan ka namin ng pahintulot na i-link ang mga resulta mo mula sa pag-aaral na ito kung lumahok ka sa parehong pagkakataon; ito ay para makita namin kung nagbago ang resulta mo. Maaari kang lumahok sa pag-aaral na ito at hindi sa susunod, o kabaligtaran, at hindi ka kailangang magpasya ngayon tungkol sa susunod.

Kung nagkaroon ka na ng impeksiyong COVID-19, maaari ka pa rin bang sumali?

Oo. Kung nagkaroon ka na ng impeksiyong COVID-19, gusto pa rin naming sumali ka sa pag-aaral. Kung naka-isolate ka pa rin dahil sa sakit mo, hindi ka namin hihingan ng blood test pero pasasagutin ka pa rin namin sa palatanungan.

Maaari bang sumali sa bahagi ng pag-test ng dugo na bahagi ng pag-aaral ang lahat nang tinanong?

Sa kasamaang-palad, sinuman na napayuhang sa 'cocoon', sinuman na may pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19 sa ngayon, at sinuman na naglilimita ng galaw nila dahil sila ay malapitang kontak ng kaso ng COVID-19, ay hindi isasama sa bahagi ng pag-test ng dugo ng pag-aaral. Ito ay dahil ang pagbiyahe sa sentro ng pag-test ay maaaring peligro sa kalusugan nila o sa kalusugan ng ibang tao. Maaari pa rin silang mag-ambag sa palatanungang bahagi ng pag-aaral.

Ang sinumang healthcare worker na may sintomas ay hindi dapat pumunta sa trabaho at dapat makipag-ugnay sa Occupational health department sa site ng ospital nila.

Ano ang pinagagawa sa akin?

Kaugnay ng pag-aaral ang papuno sa maikling palatanungan at pagpapagawa ng test ng dugo. Kung sang-ayon kang sumali sa pag-aaral, ipagagawa namin ang sumusunod sa iyo:

1. Sumagot sa amin sa lalong madaling panahon para sabihin na gusto mong sumali. Magagawa mo ito sa pagsunod sa link sa online na form ng pahintulot at palatanungan – ang link na ito ay nasa ibaba ng leaflet ng impormasyon na ito at ito rin ay nasa katawan ng email na natanggap mo.
2. Dadalhin ka ng link sa isang online na form ng pahintulot
3. Kasunot ang pagkumpleto ng form ng pahintulot, dadalhin ka sa maikling online na palatanungan (5-10 minuto)
4. Ipapa-book sa iyo ang sample ng dugo mo sa pamamagitan ng online system. May maghaponing testing sa 7-10 araw para makapili ka ng slot na bagay sa iskedul ng trabaho

mo. Isasagawa ang testing sa ospital kung saan ka nagtatrabaho. Sisiguruhin namin na gagawin ang pisikal na pagdistansiya sa lokasyong ito, at kailangan ang mga face mask. Ang sample ng dugo ay kukunin ng trained na tauhan.

Anong impormasyon ang kokolektahin mo?

Itatala namin ang sumusunod na impormasyon tungkol sa iyo: Pangalan, detalye sa pagkontak, petsa na kapanganakan, kasarian, trabaho, bansang pinanganakan, at sino ang kasama sa bahay niyo. Tatanungin ka namin tungkol sa sakit na COVID-19, tulad kung ikaw ay na-diagnose ng kundisyon, nagpa-swab (positibo man o negatibo) o nagka-sintomas na maaaring COVID-19 na sakit, o kung nagka-kontak ka sa kilala o pinaghihinalaang kaso ng COVID-19.

Paano gagamitin at iiimbak ang impormasyon ko?

Ang mga tanging taong makakakita ng impormasyon mo ay mga miyembro ng pangkat ng pananaliksik sa site kung saan ka nagtatrabaho. Ito ay ang pangunahing imbestigador, ang nangungunang imbestigador at ang tagapamahala ng data. Ang data mo ay laging pamamahalaan nang kumpidensiyal. Ang iyong data at mga sagot sa palatanungan ay ilalagay sa ligtas na online database. Tanging ang personal na data na kailangan upang isagawa ang pag-aaral ay ipo-proseso at iiimbak sa database. Ang personal mong data ay hindi isisiwalat sa labas ng pangkat ng pag-aaral at hindi ili-link sa pangalan mo sa sistema ng laboratoryo ng ospital. Ang mga tala mo sa pag-aaral ay hindi iuugnay sa anumang ibang talaan na maaaring nasa mga ibang database o rehistro.

Kokolektahin lang ang data at gagamitin sa pag-aaral na ito sa abot na kailangan para makamit ang mga nilalayan. Ipoproseso ang data para sa mga layunin ng pampublikong interes, sa larangan ng pampublikong kalusugan, para sa siyentipikong pananaliksik, ayon sa angkop na lehislyasyon sa proteksiyon ng data. Lahat ng mga pangkat na kaugnay sa pag-aaral ay tumatakbo alinsunod sa General Data Protection Regulation (EU) 2016/679 at sa Data Protection Act 2018 at akreditado para sa seguridad ng impormasyon ISO 27001. Lahat ng kawani at tagasaliksik na kaugnay sa pag-aaral ay nagkaroon ng pagsasanay sa proteksiyon ng data. Hindi posible para sa sinumang kalahok sa pag-aaral na matukoy sa mga ulat na gawa mula sa pag-aaral. Ang personal mong data ay hahawakan lang sa tagal na kailangan para sa pag-aaral na ito at hindi hihigit sa limang taon. Makalipas ang panahong iyon, ang iyong pangalan, address at anumang iba na maaaring makakilala sa iyo ay buburahin. Ang plano para sa pag-aaral na ito ay inaprubahan ng National Research Ethics Committee na tinakda ng pamahalaan para aprubahan ang pananaliksik sa COVID-19. Para sa higit pang impormasyon dito, pakitingnan ang website:

<https://www.hrb.ie/news/covid-19-coronavirus/coronavirus-news/article/new-nationalethics-committee-for-covid-19-research/>

Posibleng text - Ano ang mga karapatan ko?

Lahat ng mga kalahok ay may mga sumusunod na karapatan kaugnay ng data:

- Karapatan sa access sa hawak na data
- Karapatang limitahin ang paggamit ng hawak na data
- Karapatan na itama ang mga mali
- Karapatan na ipabura ang impormasyon
- Kaparapan na tanggihan ang pag-profile
- Karapatang magreklamo sa namamahalang awtoridad (Data Protection Commission)

Maaari mong maisagawa ang mga karapatang ito sa pagkontak sa PI o DPO, mga kontak na nakalista sa leaflet na ito.

Ano ang mangyayari sa sample ng dugo ko?

Ang sample ng dugo mo ay susuriin sa lugar sa ospital kung saan ka nagtatrabaho para sa mga antibody sa COVID-19 virus. Ang ilang mga sample ay maaaring kailanganing ipadala para sa karagdagang pagsusuri sa laboratoryo ng National Virus Reference sa Dublin. Ang sample ng dugo mo ay iiimbak para sa panahong dalawang tao matapos makumpleto ang pag-aaral, at pagkatapos ay sisirain. Sa panahong ito, kung sumang-ayon ka dito sa form ng pahintulot, maaari ka naming kontakin tungkol sa paggamit ng sample mo para sa ibang malapit na nauugnay na mga pag-aaral na makakatulong sa aming patuloy na mapabuti ang aming pag-unawa sa virus na ito. Ang anumang karagdagang pag-aaral ay sasailalim sa pagrepaso ng etika at pag-apruba.

Makukuha ko ba ang resulta ng pagsusuri sa dugo ko?

Kapag nilalagdaan ang form ng pahintulot, tatanungin ka kung nais mo o kung hindi mo nais na matanggap ang resulta ng pagsusuri sa dugo mo. Kung nais mo itong matanggap, ite-text ka namin kung makikita sa mga resulta mo na hindi natukoy ang mga antibody. Kung positibo ang resulta mo, tatawagan ka namin sa telepono para matalakay namin kung ano ang ibig sabihin nito. Dahil sa bagong sakit ito, ang mga test para dito ay bago rin. Hindi pa rin eksaktong malinaw kung ano ang kahulugan ng mga resulta para sa mga tao mismo. Ang test na ito ay hindi teest para ma-diagnose ang kasalukuyang impeksiyon ng COVID-19 sa isang tao – dinisenyo ito para matulungan kaming ma-estima ang bilang ng mga impeksiyon sa lebel ng populasyon. Kung hindi nahanap sa dugo mo ang mga antibody ng COVID-19 virus, maaaring ibig sabihin nito na:

- Maaaring hindi ka kailanman naimpeksiyon ng COVID-19 – ito ang pinakamalamang na paliwanag
- Naimpeksiyon ka pero nagkaroon ng banayad na impeksiyon at may lebel ng antibody sa dugo mo na hindi natukoy ng test na ginagamit namin.

Kung nahanap ang mga antibody ng COVID-19 virus sa dugo mo, maaaring senyales ito na naimpeksiyon ka ng COVID-19 virus sa anumang oras. Subalit, hindi namin alam ngayon kung bibigyan ka nito ng proteksiyon laban sa muling pagkakaroon ng impeksiyon. Ang dahilan kung bakit hindi namin alam ay dahil ito ay isang bagong sakit at ang mga test para dito ay bago din. **Kaya, ang resulta mo ay hindi ibig sabihin ay immune ka na sa COVID-19. Napakahalagang patuloy mong sundin lahat ng pisikal na distansiya at kalinisang pamamaraan na nirekomenda ng pamahalaan, at suportado ng iyong lokal na Infection Prevention and Control team, at sundin lahat ng payo na kaugnay ng paggamit ng PPE.**

Minsan maipapakita ng test ang positibong resulta kahit na hindi ka aktuwal na may antibody. Maaaring mas malamang ito mangyari kung kamakailan kang nagkaroon ng impeksiyon sa ibang virus o kung ikaw ay buntis o nasa ilang mga sitwasyon. Ang posibilidad na ito ay tatalakayin sa iyo kung tinawagan ka na may positibong resulta sa test.

Minsan, maaaring hindi conclusive ang resulta ng test, nangangahulugan na hindi makapagbigay ang laboratoryo ng malinaw na resulta sa isa mang paraan o sa iba. Maaaring handugan ka ng ibang test para subukang makita kung nagbibigay iyon ng malinaw na resulta. Tatawagan ka namin sa telepono kung ito ang kasi.

May iba bang makakakuha ng resulta ng pagsusuri sa dugo ko?

Ikaw lang ang makakatanggap ng resulta ng indibiduwal mong pagsusuri sa dugo. Hindi sasabihan ng pangkat ng pag-aaral ang iyong GP o Occupational Health ng resulta mo. Ang resulta mo ay hindi ilalakis sa anuman sa mga talaan mo sa ospital, sa HR man o sa medikal mong talaan.

Paano gagamitin ang mga resulta ng pag-aaral?

Kahit na hindi kami sigurado sa kahulugan ng mga resulta para sa bawat tao, bibigyan kami ng mga resulta ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa pagkalat ng virus sa setting ng ospital. Ang walang pagkakakilanlang resulta (iyon ay, walang posibilidad ng pagkilala kaninoman) ay ibabahagi sa team ng Department of Health COVID-19 at HSE para tumulong sa pagpasya tungkol sa kung paano kokontrolin ang pagkalat ng virus. Ang ulat na may kabuuang resulta ng pag-aaral ay isasapubliko sa HSE website kapag nasuri na namin lahat ng impormasyon. Ang mga resulta ay ilalathala din sa siyentipikong peer-reviewed na journal. Ang mga resultang ito ay hindi kikilala sa sinumang indibiduwal.

Paano kung ayaw kong sumali?

Boluntaryo ang partisipasyon sa pag-aaral. Kung ayaw mong sumali, hindi maaapektuhan ang pag-aalaga sa iyo o ang trabaho mo ng desisyong ito sa anumang paraan ngayon o sa hinaharap. Kung pumapayag kang sumali sa pag-aaral, may karapatan kang bawiin ang pahintulot mo anumang oras, sa pagkontak sa lokal na namumuno sa site ng pag-aaral niyo na nakalista sa ibaba.

Hindi pa rin ako sigurado. Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Makukuha sa website namin ang impormasyon. Ikalulugod naming sagurin ang mga tanong mo. Maaari kang tumawag sa telepono ng helpline sa

Galway 0873232614 James's 087 3611790

o magpadala ng mensahe sa

seropstudy.guh@hse.ie (Galway) precise@stjames.ie (SJH) email.

St. James' Hospital www.stjames.ie

Dr. Niamh Allen, Specialist Registrar sa infectious Diseases at Principal Investigator
nallen@stjames.ie

Professor Colm Bergin, Consultant Physician sa Infectious Diseases, lead site investigator
cbergin@stjames.ie

Data Protection officer, SJH dataprotection@stjames.ie

Galway University Hospital www.saolta.ie

Dr. Niamh Allen, Specialist Registrar sa infectious Diseases at Principal Investigator

niamhm.allen@hse.ie

Dr. Catherine Fleming, Consultant Physician sa Infectious Diseases, lead site investigator

Catherine.fleming@hse.ie

Data Protection Officer, GUH ddpo.west@hse.ie